# PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s REMARKS DURING THE INSPECTION OF THE CAMP AGUINALDO STATION OF THE METRO MANILA SUBWAY PROJECT

Metro Manila Subway - Camp Aguinaldo, Quezon City
July 16, 2025

[00:00:00]
Nandito tayo dahil ininspeksyon ko ang isa sa pinakamalaking proyekto na ginagawa natin sa ilalim ng Department of Transportation para sa ating mga commuter. Ito 'yung ating Subway Project na papaabutin natin hanggang itong phase na ito hanggang Valenzuela.

Ngayon, pagka nabuo na ito, ang travel time mula sa Valenzuela hanggang sa airport ay sa kasalukuyan mga dalawang oras iyan eh – dalawang oras at kalahati. Kaya mababawasan iyan, mga 40 minutes na lang.

Kaya napakalaking bagay 'pag nabuo natin ito. Nakikita ko naman doon sa – tiningnan namin 'yung machine 'yung talagang humuhukay. At maayos naman ang patakbo, lalong-lalo na ng ating mga Japanese engineer.

Nandito si Ambassador ng Japan at siya ang namamahala para tiyakin na maganda ang trabaho at masasabi ko naman napakaganda ang trabaho, ng kanilang ginagawa.

Sana matapos natin ito hanggang sa Valenzuela, baka matapos natin ito '28. Baka puwede nang in-inaugurate sa 2028. Basta tingnan natin.

Lahat naman ay nag-a-agree na kailangan bilisan nang mabuti at nang husto dahil ang ating mga commuter ay para naman maging mas maginhawa ang kanilang pag-commute.

So, patuloy nating ginagawa. Napaka-impressive. Impressive talaga ito. Kung titingnan ninyo, isipin niyo kung gaano kabigat 'yung engineering na dinadala nila dito.

But the Japanese do that the best. I think in the whole world, it is recognized that the Japanese are one of the top when it comes to heavy engineering and construction projects such as this.

Kaya I think we have picked the right partner and I am very happy to see the progress that's being made. And I thank… At saka nakakatuwa dahil 'yung mga Japanese lamang na nandito ay iyon talagang espesyalista.

Ngunit hindi lang sila nandito, tinuturuan din ang ating mga engineer. At kung makikita ninyo doon sa loob, isa lang, dalawang lang ang supervisor na Hapon. Karamihan ng mga nagtatrabaho puro Pilipino na. Which is, once again, I am not surprised dahil kayang-kaya naman talaga ng Pilipino 'yun basta maturuan ng mabuti.

Kaya I urge everyone to keep going, and we look forward to the day when we can say na nasakyan na natin 'yung subway sa Pilipinas. We have taken the tube to go to work.

[00:02:58]

***

BAGONG PILIPINAS